

Tungkol sa sistema ng pagkolekta ng Prefecture para sa <usage fee of attached facilities> (common service expenses)

1) Tungkol sa sistema

Kokolektahin ng Prefecture ang **ilang bahagi ng common service expenses** na kinokolekta ng Residents' Association (tinutukoy bilang <usage fee of attached facilities>) nang direkta mula sa mga residente na naglalayong pagaanin ang pasanin ng responsibilidad sa Residents' Association.

Ang paglipat sa sistemang ito ay isinasagawa tuwing April ng bawat taon, mula sa mga housing na napagkasunduan ng Prefecture.

2) Saklaw ng usage fee of attached facilities na kokolektahin ng Prefecture

Klasipikasyon	Bayad na kokolektahin ng Prefecture					Bayad na patuloy na kokolektahin ng Residents' Association
	May kaugnayan sa pamamahala ng housing					May kaugnayan sa Residents' Association activities
Item	① Ilaw sa common area	② Water supply pump	③ Elevator	④ Sewage treatment	⑤ Administrative expenses	Neighborhood association fee Bayad sa kuryente ng assembly hall Bayad sa tubig Paglilinis ng drainage pipe, Paggapas ng damo Consumables, atbp.

- ① Bayad sa kuryente ng mga ilaw sa common area (hindi kasama ang bayad sa kuryente para sa assembly hall)
- ② Bayad sa kuryente para sa water supply pump
- ③ Bayad sa kuryente, maintenance at inspeksyon para sa elevator (kung may elevator)
- ④ Bayad sa kuryente ng sewage disposal, disinfection at paglilinis (kung may sewage disposal)
- ⑤ Administrative expenses na may kaugnayan sa pagkolekta ng Prefecture

3) Pagkalkula ng halagang kokolektahin

(Kada buwan, para sa bawat household)

【Calculation formula】 ※ Kinakalkula bawat taon batay sa aktwal na paggamit

<div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-bottom: 5px;">Gastos sa maintenance at management</div> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px;"> 1) Bayad sa kuryente ng mga ilaw sa common area (maliban sa assembly hall) 2) Bayad sa kuryente para sa water supply pump 3) Bayad sa kuryente, maintenance at inspeksyon para sa elevator 4) Bayad sa kuryente ng sewage disposal, disinfection at paglilinis </div>	×	<div style="border: 1px solid black; padding: 5px; text-align: center;">Variable na halaga 1.1</div>	÷	<div style="border: 1px solid black; padding: 5px; text-align: center;">Bilang ng mga managed units (kasama ang vacant units)</div>	÷	<div style="border: 1px solid black; padding: 5px; text-align: center;">12 months</div>	+	<div style="border: 1px solid black; padding: 5px; text-align: center;">Administrative expenses ¥100</div>
Nagbabago ang halaga batay sa naitalang aktwal na paggamit (rekord ng pagbabayad) bawat taon								

SA LIKOD:

Madalas na tanong tungkol sa sistema ng pagkolekta ng Prefecture para sa usage fee of attached facilities

Madalas na tanong tungkol sa sistema ng pagkolekta ng Prefecture para sa usage fee of attached facilities



Tanong	Sagot
Ano ang usage fee of attached facilities?	Gastusin sa paggamit ng shared facilities tulad ng mga ilaw, water supply pump, elevator, sewage disposal, atbp.
Ano ang sistema ng pagkolekta na isinasagawa ng Prefecture?	Sa sistemang ito, kokolektahin ng Prefecture ang usage fee of attached facilities nang direkta mula sa mga residente at direktang ibabayad sa electricity companies, atbp.
Kailan magsisimula ang pagkolekta ng Prefecture?	Ang paglipat sa sistemang ito ay isinasagawa tuwing April ng bawat taon, mula sa mga housing na napagkasunduan ng Prefecture.
Ano ang advantage ng paglipat sa sistemang pagkolekta ng Prefecture?	<ul style="list-style-type: none"> ➤ Matiyak ang pagiging patas (pagpapabuti sa sitwasyon kung saan ang mga nagbabayad nang maayos ang pumapasan sa mga hindi nagbabayad) ➤ Pagbawas ng pasanin sa pagkolekta at gawain sa accounting atbp. ng Residents' Association ➤ Pag-iwas sa maling paggamit, atbp.
Ano ang mangyayari para sa mga bakanteng housing at sa mga hindi nagbabayad?	Sasagutin ng prefecture ang para sa mga bakanteng housing at magsasagawa ng kinakailangang aksyon para sa mga hindi nagbabayad ng pagkolekta ng Prefecture.
Magkano ang bayad sa usage fee of the attached facilities?	Ang mga housing na inilipat sa sistema ng pagkolekta ng Prefecture ay aabisuhan sa pamamagitan ng rent determination notice tuwing January ng bawat taon.
Magkaiba ba ang halaga ng bayad ng usage fee of attached facilities sa bawat building? Paano kung may elevator o wala?	Ang halaga ng bayad ay pareho para sa lahat ng building sa loob ng parehong housing. Gayunpaman, ang halaga ay mag-iiba sa mga building na may elevator o walang elevator.
Pareho ba ang halaga ng bayad ng usage fee of attached facilities sa bawat taon?	Ang halaga ng bayad ay sinusuri bawat taon batay sa aktwal na paggamit ng shared facilities tulad ng mga ilaw, elevator, sewage disposal, atbp.
Kung ililipat sa pagkolekta ng Prefecture, mawawala ba ang pagkolekta ng Residents' Association?	Ang mga bayad maliban sa koleksyon ng Prefecture (neighborhood association fee, bayad sa kuryente ng assembly hall, bayad sa tubig, paglilinis ng drainage pipe, paggapas ng damo, consumable costs atbp.) ay patuloy na kokolektahin ng Residents' Association. Mangyaring bayaran ito sa Residents' Association.
Magiging magkano ang halaga ng bayad sa pagkolekta ng Residents' Association?	Mangyaring kumonsulta sa Residents' Association.
Ano ang petsa ng pagbayad para sa pagkolekta ng Prefecture? Paano ito babayaran?	Katulad ng rent, ang bayaran ay tuwing katapusan ng bawat buwan. Ipadadala namin ang impormasyon para sa automatic withdrawal kaya't mangyaring gawin ang procedures para dito.

【INFORMATION】

Administration Department of Public Housing in Aichi Prefecture ☎ (052)954-6580
 Housing Supply Corporation of Aichi Prefecture ☎ (052)954-1361